Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

7:6

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG HULYO 13, 2009, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:40 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang ALAN T. PAMATMAT | ..... | PANGALAWANG PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. de Leon | ..... | Kagawad |
| *Kagalang-galang Ramon D. Tan* | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Romulo A. Elca | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad |
| *Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat* | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Angelito U. Limjuco | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Oscar F. Feliciano | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Isagani R. Malapaya | ..... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| *Kagalang-galang John Carlos C. delos Reyes* | . | *Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan* |

**KAPASIYAHAN BLG. 131-T2009**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG ORDINANSA BLG. 01-T2009 NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BARANGAY NG BAGUMBAYAN NA IPATUPAD ANG BAGONG HALAGA NG BAYARIN PARA SA BARANGAY CLEARANCE AT BARANGAY CERTIFICATES PARA SA LAHAT NG PUMAPASOK NA MANGANGALAKAL SA BARANGAY**

**SAPAGKA'T**, iniharap at tinalakay ng Kagalang-galang Sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 43-T2009/Ordinansa Blg. 01-T2009 ng Kagalang-galang Sangguniang Barangay ng Bagumbayan na naglalayong ipatupad ang bagong halaga ng bayarin para sa barangay clearance at barangay certificates para sa lahat ng pumapasok na mangangalakal sa barangay;

**SAPAGKA'T,** ang nasabing kapasiyahan/ kautusan ay napaliwat sa Lupon sa Batas ng sangguniang ito para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKA'T,** nagkaroon ng pagbabalik sa barangay ng naturang kapasiyahan/ kautusan para sa pagtutuwid at pagwawasto;

**SAPAGKA'T,** matapos ang pagtutuwid at pagbabalik sa sangguniang ito at makita ang kapakinabangan sa pagbabago ng halaga ng bayarin upang umangkop sa kasalukuyang antas ng pananalapi at magamit sa pagpapatupad ng mga proyekto sa barangay, ay ipinasya ng Lupon sa Batas na pagtibayin na ito.

**SAPAGKA'T,** may public hearing na isinagawa ang nabanggit na barangay hinggil dito

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Ramon D. Tan (Tagapamuno ng Lupon sa Batas), na pinangalawahan ng Kagalang-galang Kagawad Roselon F. Pamatmat at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Ordinansa Blg. 01-T2009 ng Kagalang-galang Sangguniang `Barangay ng Bagumbayan na ipatupad ang bagong halaga ng bayarin para sa barangay clearance at barangay certificates para sa lahat ng pumapasok na mangangalakal sa barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan at Sangguniang Barangay ng Bagumbayan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kautusang ito.

Jeanette P. Alfonso

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: Alan T. Pamatmat

**ALAN T. PAMATMAT**
Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan